

1 Naiintindihan ng Diyos ang sitwasyon natin.

⁹Ngayon, nagtanong ang mga panauhin kay Abraham, “Nasaan ang asawa mong si Sara?” Sumagot siya, “Naroon po sa loob ng tolda.” ¹⁰Ang isa sa mga panauhin ay nagsabi, “Tiyak na babalik ako rito sa ganito ring panahon sa susunod na taon at magkakaroon ng anak na lalaki ang asawa mong si Sara.” Nakikinig pala si Sara sa pintuan ng tolda na nasa likod lamang ni Abraham. **GENESIS 18:9,10**

Alam ng Diyos na kailangan nila Abraham at Sarah ng tagapagmana at na gusto nila ng anak. Bilang sagot dito, pinangakuan Niya sila ng anak. Kilala tayo ng Diyos at alam Niya ang lahat ng sitwasyon na kinakaharap natin, at pati na rin ang lahat ng naiisip at nararamdaman natin. Labis ang pagmamalasakit Niya at nagbibigay Siya sa atin ng mga pangako. Gusto Niyang ipakita na Siya ay matapat at maawain na Diyos. Ayon sa Mga Salmo 34:15, paano tumutugon ang Diyos sa mga hinaing natin?

.....

.....

2 Gusto ng Diyos na manampalataya tayo sa Kanya.

¹¹(Matanda na silang dalawa ni Abraham at huminto na nga ang buwanang dalaw ni Sara.) ¹²Tumawa si Sara sa kanyang sarili at nag-isip-isip, “Sa katandaan kong ito, masisiyahan pa ba akong sumiping sa asawa ko, na matanda na rin, para magkaanak kami?” ¹³Nagtanong agad ang Panginoon kay Abraham, “Bakit tumatawa si Sara at sinasabi, ‘Magkakaanak pa ba ako ngayong matanda na ako?’” **GENESIS 18:11-13**

Nang marinig ni Sarah ang pangako ng Diyos na bibigyan siya ng anak na lalaki, tumawa siya, dahil hindi na ito posible sa pisikal niyang pangangatawan. Subalit si Abraham at Sarah ay nagkaroon ng anak sa kabila ng kanilang edad, na nagpakita ng kapangyarihan ng Diyos. Maaaring sa unang tingin, ang pangako ng Diyos ay mukhang hindi na posibleng matupad. Sa halip na magduda sa Diyos, tumugon tayo nang may pananampalataya at maniwala na kaya Niyang gawin kung ano ang sinabi Niya. Paano

pinalalakas ng Mga Bilang 23:19 ang loob natin upang maniwala na tutuparin ng Diyos ang mga pangako Niya?

.....

.....

3 Sa Diyos, walang imposible.

“May bagay ba na hindi magagawa ng Panginoon? Tulad ng sinabi ko, babalik ako rito sa ganito ring panahon sa susunod na taon at magkakaroon ng anak na lalaki si Sara.” **GENESIS 18:14**

Pinatunayan ng Diyos kay Abraham at Sarah na kaya Niya at handa Siyang bigyan sila ng anak na lalaki kahit pa kabaligtaran nito ang sinasabi ng mga sitawasyon nila. Walang labis na mahirap gawin para sa Panginoon. Kahit sa mga pinakamahirap na sitwasyon, ipapakita Niya ang Kanyang kapangyarihan sa ating mga buhay sa pamamagitan ng pagtupad ng mga pangakong mukhang imposible nang mangyari. Kapag may imposibleng bagay na nangyari, nakatitiyak tayong ang Diyos ang kumilos. Bakit gusto ng Diyos na maranasan natin kung paano Niya ginagawang posible ang mga bagay na imposible?

.....

.....

APPLICATION

- Anong talata sa Bibliya ang pwede mong panghawakan para ipaalala sa sarili mo ang katapatan ng Diyos sa tuwing may hinaharap kang takot, pagdududa, at kawalan ng pananampalataya? Kabisaduhin at sabihin ito sa sarili mo araw-araw.
- Anong pangako mula sa Diyos ang pinanghahawakan mo ngayon? Ano ang dalawang bagay na pwede mong gawin para matulungan kang maniwala na tutuparin ito ng Diyos?
- Paano ipinakita ng Diyos ang katapatan Niya sa iyo sa mga panahong may sitwasyon ka na mukhang imposible? Ikuwento ito ngayong linggo sa isang kapamilya o kaibigan na nahihirapan ding maghintay sa katuparan ng pangako ng Diyos sa kanyang buhay.